Espiritu ng Pananampalataya

PRE-PUBLICATION EDITION
MATERIAL IN DEVELOPMENT

VERSION 1

Ruhi Institute

ARALIN 1

Nakikinig na mabuti si Ivan sa pag-uusap ng kanyang magulang sa agahan. Katatapos lamang magbasa ng kanyang ama ng pang-umagang pahayagan. “Ang lahat ng ito ay tungkol sa karahasan,” ang kanyang sabi. “Bakit nagiging ganito?’ “Dahil maraming tao ang nakalimot sa pagiging tao,” ang sagot ng ina ni Ivan. “Alam ko kung ano ang tao,” ang sabi ni Ivan sa kanyang sarili. Naglaro ito sa kanyang isipan: “Paanong malilimutan iyon?’

Ilang linggo na ang nakaraan, si Natalia Petrovna ay lumapit kay Ivan at sa kanyang mga kaibigan, sina Boris at Elena, sa pagtatapos ng devotional meeting at hinimok sila na bumuo ng isang junior youth group. Siya ay nag-boluntaryo bilang kanilang animato***r***. Ang tatlong magkakaibigan ay nag-usap tungkol dito at nagpasyang anyayahan ang ilan sa kanilang mga kamag-aral na sumali sa kanila. Dahil dito, ang iba ay nag-anyaya rin at sila ay nakabuo ng grupo na may labindalawang kabataan na magkikita linggo-linggo.

“Ang katanungang ito ay itatanong ko kay Natalia Petrovna sa aming susunod na pagpupulong,” napagpasyahan ni Ivan habang siya ay patungo sa kanyang paaralan sa oras na iyon.

Pagninilay-nilay:

Paano nagsimula ang inyong junior youth group?

Ano ang nakaganyak sa bawat isa sa inyo na sumali sa grupo?

_____

Sa gabing ito, ang grupo ang magpupulong sa tahanan ni Elena. Unti-unting dumating ang mga kabataan. Si Natalia ay nakikinig na mabuti sa kanilang pag-uusap habang sila ay nagkukuwentuhan sa isa't-isa kung ano ang kanilang ginawa sa loob ng linggo. Sa maikling panahon, ang mga kabataan ay naging malapit sa isa't-isa na malaya nilang naibabahagi ang kanilang mga kuru-kuro at naitatanong sa grupo ang mga katanungang gumugulo sa kanilang isipan. Kapag naroon na ang lahat, sinisimulan nila ang pagpupulong sa mga panalangin. Pagkatapos, nagtatanong si Natalia kung may nakakapukaw na opinyon ang pumasok sa kanilang isipan sa nakaraaang linggo na maaring magkaroon ng interes ang iba**.** Itinaas kaagad ni Ivan ang kanyang kamay.

"Iniisip ng aking ina na maraming tao ang nakalimot kung ano ang maging tao. Paano nangyayari iyon?"

"Paano mo nalaman ang ating paksa sa ating pagpupulong ngayon?" may pagkamanghang tanong ni Natalia. "Nagdala ako ng maraming sipi ng ating mapag-aralan ang ating tunay na pagkakakilanlan, na nauugnay sa katanungan ni Ivan. Ngunit, sabihin muna ninyo sa akin, ano ang kadalasang sagot ng mga tao kapag tinanong kung sino sila?"

“Sinasabi nila ang kanilang pangalan’” sabi ni Marina.

“Sinasagot nila, Ako ay isang guro, isang siyentipiko, isang mananayaw, “ sabi ni Nadya.

“Ako ang anak na lalaki ni Boris Ivanovich,” sabi ni Igor.

“Ako ay puti, Ako ay itim, Ako ay Russian, Ako ay Intsik, Ako ay Amerikano, Ako ay Indian, Ako ay Iranian,” na parang gustong banggitin ni Boris ang lahat ng bansa sa daigdig.

“Salamat Boris,” mabilis na sabi ni Natalia. “Ang lahat ng iyon ay posibleng mga sagot. Ngayon, ating basahin ang sipi mula sa Kasulatan ni Baha’u’llah.” Inilabas niya ang kard at binigay kay Elena na binasa iyon ng malakas:

O Anak ng Katauhan! Ikaw ang Aking ilawan at ang Aking Liwanag ay nasa sa iyo.

“Ano tayo sabi ni Baha’u’llah sa sipi na ito?” tanong ni Natalia.

“Ilawan ng Diyos,” sabi ni Elena.

“Ano ang magagawa ng isang ilawan?” tanong ni Natalia.

“Ito ay nagbibigay ng liwanag, “ sabi ni Olga.

“Tayo, na katulad ng mga ilawan ng Diyos sa gayon, ay dapat magningning ng ilaw ng pagmamahal, ng ilaw ng karunungan, ng ilaw ng katotohanan, ng ilaw ng magandang pag-uugali.” sabi ni Natalia.

“Ngunit kung may magtanong kuns sino ako, hindi ko masasabing ako ay ilawan ng Diyos,” sabi ni Boris para sila ay tumawa.

“Talagang hindi. Ngunit sa ngayon ating iniisip ang ating tunay na pagkakakilanlan: Sino tayo na nilikha ng Diyos,” sabi ni Natalia.

Pagninilay-nilay:

Ang larawan ng isang ilawan na nagbibigay ng liwanag ay makakatulong sa ating isipin kung sino talaga tayo. Ating tanggapin ang kalikasan ng liwanag na ating ginagampanan.

Alin sa mga sumusunod na halimbawa na tayo ay nagniningning sa liwanag ng karunungan? Kung tayo ay:

- nagsasaliksik ng kalikasan
- nagtuturo ng Pananampalataya
- kumakapit sa mga pamahiin

- lumilikha ng mga makasining na gawa
- nagkakalat ng mga tsismis
- tumutugtog ng musika
- nagtuturo ng mga dasal sa mga bata

Alin sa mga sumusunod na halimbawa na tayo ay nagbibigay ng liwanag ng pagmamahal? Kung tayo ay:

- tumutulong sa kaibigang may suliranin
- tumutulong na magkabalikan ang dating magkaibigan na nagkahiwalay
- nasaktan sa pagpuna ng iba
- ngumingiti
- nagsasalita ng may kabaitan
- umaasa ng pagmamahal at pagpansin mula sa iba
- inuuna ang iba kaysa sa ating mga sarili

Alin sa mga sumusunod na halimbawa na tayo ay nagniningning sa liwanag ng magandang pag-uugali? Kung tayo ay:

- maging magalang
- maging mapagbigay
- maging di tapat
- maging masayahin
- maging mapagmataas

- maging tapat
- maging makasarili

Pumili si Natalia Petrovna ng iba pang kard at binigay kay Vadik para basahin:

> O Anak ng Tao
>
> Ikaw ay Aking nasasakupan at ang Aking nasasakupan ay hindi naglalaho.

“Sinabi ni Baha’u’llah na tayo ay nasasakupan ng Diyos,” sabi ni Vadik.

“Ano ang isang nasasakupan?” tanong ni Igor.

Sa palagay ko ito ay isang bansa na may hari. Ang hari ang siyang namumuno sa kanyang kaharian,” sabi ni Katya. “Sinasabi na tayo ay pagmamay-ari ng Diyos.”

“Iyan ay tama. Ang kahariang binanggit ni Baha’u’llah ay hindi kapirasong lupa,” sabi ni Natalia. “Ito ay ay puso ng tao. Sa katunayan sinabi Niya: Ang lahat ng nasa langit at lupa ay itinalaga Ko para sa iyo, maliban sa puso ng tao, na ginawa kong tirahan ng Aking kagandahan at luwalhati…” Ang makamundong nasasakupan ay hindi magtatagal. Ang mga Kaharian ay maitatayo at babagsak). Ngunit ang nasasakupan ng Diyos ay hindi kailanman mapupuksa.”

Pagninilay-nilay:

Tayo ay nasasakupan ng Diyos. Katulad ng hari na maaaring may mga kaaway na sumusubok na agawin ang kanyang kaharian, ang ating puso ay maaring salakayin ng paghahangad at pagkahumaling na di ayon sa kagustuhan ng Diyos. Alin sa mga sumusunod ang hindi mo dapat hayaang pumasok sa iyong puso kung nais mo na ang Diyos ang maghari doon?

- Inggit
- Pagmamahal sa sangkatauhan
- Selos
- Mapagkunwari
- Kasakiman (Greed)
- Pagkamahabagin
- Pakikiramay

Pinabasa ni Natalia Petrovna si Vera ng iba pang sipi:

O Kayong Mga Anak ng Espiritu!

Kayo ang Aking kaban-yaman, sapagkat sa inyo ay pinagyaman Ko ang mga perlas ng Aking mga hiwaga at mga hiyas ng Aking kaalaman.

“Noong ako ay bata pa, lagi kong napapanaginipan ang baul na puno ng mga alahas, sabi ni Anton.

“Kaya,” sabi ni Natalia. “Ayon kay Baha’u’llah, kayo mismo ay kaban na puno ng pinakamahalagang mga alahas. Halimbawa, ating isipin ang lahat ng kapangyarihan ng Diyos na binigay sa inyo: ang kapangyarihan ng pag-ibig, ang kapangyarihan ng pang-unawa, ang kapangyarihan ng katalinuhan. Maaring ito ang ilan sa mga perlas ng Kanyang mga hiwaga.

Pagninilay-nilay:

Hindi natin lubos na mauunawaan ang mga kapangyarihan at kakayahan na nasa atin, ngunit makikita natin ang mga resulta nito. Halimbawa, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pag-ibig, ating maaalis ang pagkamuhi, pakikipagkaibigan, pakikipagtulungan at ang pagkakaisa ay matatamo. Magbigay ng mga halimbawa sa mga sumusunod na mga kapangyarihan at mga kakayahan:

- Ang kapangyarihan ng imahinasyon
- Ang kakayahan na makapag-lingkod sa sangkatauhan
- Ang kakayahan na makatuklas ng mga batas ng daigdig (laws of the universe)
- Ang kapangyarihan ng pagsasalita
- Ang lakas ng magandang pag-uugali

- Ang kapangyarihan ng pang-unawa
- Ang kapangyarihan ng memorya

"Sa ibang sipi, sinabi ni Baha'ullah sa atin na tayo ay katulad ng mga murang puno na Kanyang itinanim sa pamamagitan ng kamay ng Mapagmahal na kabaitan, sabi ni Natalia Petrovna, at binigay niya kay Lida ang sipi upang basahin:

> Kayo ang mga supling na itinanim ng kamay ng Mapagmahal na Kabaitan sa lupa ng awa, at kung saan ang mga ulan ng biyaya ay binigay upang lumago.

"Ang mga supling (saplings) ay mga batang puno," pagpapatuloy ni Natalia. Ang layunin ng puno ay ang mamunga. Sinabi ni Baha'u'llah sa atin na "Ang bunga ng puno ng tao ay sa simula pa man ay ang mabubuting gawa at ang kapuri-puring pag-uugali.

Pagninilay-nilay:

"Ang biyaya ng Diyos ay katulad ng ulan. Sa pamamagitan ng mga biyaya ng Diyos tayo ay lumalaki, flourish, at nagbibigay ng mga bunga ng mga mabubuting gawa (goodly deeds) at kapuri-puring pag-uugali. Magpasya kung alin sa mga sumusunod ang makakaakit sa mga biyaya ng Diyos.

- Pagdarasal sa araw-araw

- Pagbabasa ng mga Salita ng Diyos
- Pagtuturo ng Pananampalataya
- Pagiging tamad
- Nag-aaral na masigasig
- Nagtratrabahong mabuti
- Paghahangad ng mga bagay na hindi natin kailangan
- Pagsusumamo sa Diyos para sa kakayahan na makapanglingkod sa sangkatauhan

---

“Ngayon, kapag inisip ninyo ang inyong mga sarili, ano ang ilan sa mga larawan na pumasok sa inyong mga isip?” tanong ni Natalia Petrovna.

“Isang ilawan na nagbibigay ng liwanag ng pagmamahal, ng liwanag ng kaalaman, at ng liwanag ng magandang pag-uugali,” sabi ni Elena.

“Nasasakupan ng Diyos,” sabi ni Katya.

“Isang baul na puno ng mga perlas ng mga hiwaga ng Diyos,” sabi ni Anton.

“At isang puno na namumunga ng mga mababuting gawa,” sabi ni Lida.

Humarap si Natalia Petrovna kay Ivan, “Ano ang iniisip mo ngayon, Ivan? Maaari ba na ang tao ay makalimot kung paano ang magpakatao?’

“Sa palagay ko, totoo iyon,” sagot ni Ivan. “Nakakalimutan natin kung sino tayo, kung ating nalimutan ang Diyos at ang Kanyang mga turo.

“Ikaw ay lubos na tama’” sabi ni Natalia Petrovna, “Binalaan tayo ni Baha’ullah sa pagiging pabaya sa mga kahanga-hanga na mga katangian na binigay ng Diyos sa atin. Sinabi Niya: “O mga kaibigan! Huwag maging walang-ingat sa mga kabanalan na sa inyo ay pinagkaloob, o makalimot sa inyong mataas na pagkakakilanlan.”

Pagkatapos pinasaulo niya ang mga salitang ito ni Baha’u’llah:

> O mga kaibigan. Huwag maging walang-ingat sa kabanalan na sa inyo ay pinagkaloob, o maging pabaya sa inyong mataas na pagkakakilanlan. Huwag hayaang masayang ang inyong mga ginawa dahil sa walang kabuluhang mga imahinasyon na ginawa ng ilang mga puso. Kayo ang mga bituin ng langit ng pang-unawa, ang simoy ng nagpapagalaw sa umaga, ang mabining umaagos na tubig na kung saan dapat umaasa ang buhay ng lahat ng tao, ang mga titik na inukit sa Kanyang banal na pergamino.

ARALIN 2

Sa linggong iyon, patuloy na iniisip ni Ivan ang tungkol sa mga salita ni Baha'u'llah. Tinitinggan niya ang kanyang sarili at ang iba pa sa ibang kalagayan. "Tayo ay mga ilawan ng Diyos," naaalaala niya, "tayo ay kabang-yaman ng Diyos." Ngunit nahihirapan pa rin siyang unawain kung bakit ang ilang tao ay gumagawa ng mga kakila-kilabot na mga bagay. "Bakit nila tinatalikuran ang Diyos at Kanyang mga turo?"

Iyon ay ang sumunod na pagpupulong ng grupo. Pagkatapos nina Katya at Anton na manalangin, pinaalaala ni Natalia Petrovna sa bawat isa ang paksa ng nakaraang pagpupulong. Pagkatapos itinanong niya:

"Tayo ay mga ilawan ng Diyos. Saan nanggagaling ang ating liwanag?"

"Ito ay nanggagaling sa Diyos, sabi ni Marina.

"Oo, ang pag-ibig na nagmumula sa Diyos,"sabi ni Natalia. "Ang katarungan ay nagmumula sa Diyos. Ang awa, mapagbigay, at ang ***talino*** ay nagmumula sa Diyos. Siya ang pinagmumulan ng lahat ng katangian. Saan man tayo bumaling, makikita natin ang kapangyarihan ng Diyos, ang Kanyang kaalaman, at Kanyang biyaya."

“Nakagawiang sabihin ng aking children's class teacher na tayo ay dapat maging matatag tulad ng mga bato sa ating pagmamahal kay Baha'u'llah. Sa aking palagay, ang mga bato ay dapat magpaala-ala sa atin ng ***kalakasan*** at katatagan,” sabi ni Igor.

“Oo, iyan ay totoo. At alin sa mga tanda ng Diyos ang iyong makikita kung ikaw ay titingin sa napakatapataas na bundok?” tanong ni Natalia.

“Katatagan muli?” tanong ni Vera

“Oo, ngunit kapangyarihan at kamaharlikaan din,” sabi ni Natalia

“At ang sabi ng aking ina napapaalaala sa kanya ang kabutihang-loob ng Diyos tuwing makikita niya ang ulan na bumabagsak mula sa ulap,” sabi ni Elena.

“Isipin kung paanong ang mga silahis ng araw ay sumisikat sa lahat ng bagay dito sa daigdig,” sabi ni Natalia, “sa disyerto, sa dagat, sa mga dahon at mga bulaklak ng mga puno. Ang liwanag ng Diyos ay sumisikat din sa lahat ng bagay na nilikha at mailalarawan dito. Sinabi sa atin ni Abdul-Baha na “Ang daigdig ay tunay, ang bawat bagay, ay inihahayag sa atin ang isa sa mga pangalan ng Diyos.”

“Ako ay namamangha kung aking kaya sa mga pangalan ng Diyos ang sumisikat sa akin! sabi ni Boris.

“Ang lahat ng iyon,” sabi ni Natalia Petrovna. “Sinabi ni Abdul-Baha na tayo ay ay “ang pinakamarangal sa lahat ng nilalang, ang kabuuan ng lahat ng kasakdalan.

“Gusto kong maging marangal” sabi ni Anton.

“Ikaw ay marangal, Anton” sabi ni Natalia, “ngunit dapat mo laging tandaan na nasa iyo ang lahat ng mga tanda ng Diyos. Hindi mo dapat